**NAALINSUNOD NA PAMAMARAAN NG PAGREREKLAMO SA WILLIAMS**

**PAUNAWA SA MGA MAGULANG/KATIWALA, ESTUDYANTE AT GURO: KARAPATAN SA PAGREREKLAMO**

Magulang/Katiwala, Estudyante at Guro:

Ayon sa Alituntuning Pang-edukasyon 35186, ikaw sa pamamagitan nito ay inaabisuhan na:

1. Dapat magkaroon ng sapat na aklat-aralin at mga materyales sa pagtuturo. Ibig sabihin ang bawat estudyante, kabilang ang mga mag-aaral ng Ingles, ay dapat magkaroon ng aklat-aralin o mga materyales sa pagtuturo o pareho, na gagamitin sa klase o iuuwi sa tahanan.

2. Ang mga pasilidad ng paaralan ay dapat na malinis, ligtas, at pinananatiling nasa mahusay na ayos o kalagayan.

3. Dapat walang bakanteng pwesto ng guro o maling pagtatalaga . Dapat ay may gurong nakatalaga sa bawat klase at hindi panay kapalit o panandaliang guro lamang. Ang guro ay dapat mayroong angkop na kredensyal upang makapagturo sa mga mag-aaral ng Ingles, kung mayroon.

   Ang ibig sabihin ng *Maling pagtatalaga* ay ang paglalagay ng sertipikadong empleyado sa pagtuturo o posisyon ng pagseserbisyo kung saan ang empleyado ay walang pinanghahawakang legal na kinikilalang sertipiko o kredensyal o ang paglalagay ng empleyadong may sertipiko sa pagtuturo o posiyon ng serbisyo ngunit ito ay hindi pinahihintulutan o kinikilala ng batas.

   Ang *bakanteng pwesto ng guro* ay nangangahulugang ang solong itinalagang sertipikadong empleyado ay hindi naitalaga sa simula ng taon para sa kabuuan nito, o kung ang posisyon ay para sa isang-semestreng kurso, posisyon kung saan ang solong itinalagang sertipikadong empleyado ay hindi naitalaga sa simula ng semstre para sa kabuuan nito.

4. Ang form sa pagrereklamo ay maaaring makuha sa opisina ng paaralan o ng distrito, o maidownload mula sa website ng paaralan o distrito. Maaari ka ring magdownload ng iyong kopya ng form sa pagrereklamo ng Kagawaran ng Edukasyon mula sa sumusunod na website: http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc. Subalit, ang pagrereklamo ay hindi kailangang maisampa gamit ang alinman sa form sa pagrereklamo mula sa distrito o sa Kagawaran ng Edukasyon ng California.